**Acordesweb.com**

**Kapag Sinabi Ko Sayo**
**Gary Granada**

```
 KAPAG SINABI KO SAYO

[Intro]
A E D

[Verse]
         A          E      D          E
Kapag sinabi ko sa yo na ika y minamahal
         A        E      D             E
Sana y maunawaan mo na ako y isang mortal
           A        E       D             E
At di ko kayang abutin ang mga bituin at buwan
        A       E          D         A
O di kaya y sisirin perlas ng karagatan

A E D

[Verse]
         A          E      D        E
Kapag sinabi ko sa yo na ika y iniibig
         A        E      D            E
Sana y maunawaan mo na ako y taga-daigdig
       A        E          D          E
Kagaya ng karamihan, karaniwang karanasan
       A        E              D         A
Daladala kahit saan, pang-araw-araw na pasan

A E D

[Verse]
         F#m7       E              D         E
Ako y hindi romantiko, sa iyo y  di ko matitiyak
         F#m7          E               B7      E
Na pag ako y kapiling mo kailanma y  di ka iiyak
          A          E           D        E
Ang magandang hinaharap sikapin nating maabot
             A         E            D              A
Ngunit kung di pa maganap, sana y  wag mong ikalungkot

A E D

[Verse]
         A           E      D          E
Kapag sinabi ko sa iyo na ika y sinisinta
         A            E            D         E
Sana y yakapin mo akong bukas ang iyong mga mata
         A            E           D           E
```

```
Ang kayamanan kong dala ay pandama t kamalayan
         A          E      D        A
Na natutunan sa iba na nabighani sa bayan

A E D

[Verse]
         F#m7       E              D         E
Halina t ating pandayin isang malayang daigdig
         F#m7          E               B7      E
Upang doon payabungin isang malayang pag-ibig
         A          E      D        E
Kapag sinabi ko sa iyo na ika y sinusuyo
         A          E      D        A
Sana y ibigin mo ako, kasama ang aking mundo


[simplify chord lang po ito, alam kong hindi ito ang eksakto at tamang akorde..
bukas po ako sa anumang pagtatama at suhestiyon. salamat po.]
```